REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig City

OFFICE OF THE SECRETARY

Mayo 21, 1997

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 188, s. 1997

## PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO AT PAGHAHANDA NG MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA FILIPINO SA ANTAS ELEMENTARYA, SEKUNDARYA AT TERSYARYA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan ng mga Manunulat ng Kagamitang Pampagtuturo (PASAMKAP), sa tangkilik ng Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon at Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Filipino at Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino sa Antas Elementarya, Sekundarya at Tersyarya sa Awdyo-Biswal ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Hulyo 2-4.

2. Ang paksang-diwa ng pambansang seminar-worksyap ay "Mabisang Pagtuturo ng Filipino at Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo".

3. Pagkatapos ng seminar-worksyap, inaasahang ang dadalong kinatawan ay:

a. natuklasan ang ibat-ibang istratehiya sa pagtuturo ng antas elementarya, sekundarya at tersyarya;

b. nakilala ang iba't-ibang uri ng kagamitang pampagtuturo at magamit ang mga paraan ng pagsasagawa ng mga ito; at

k. makilala ang mga bagong istratehiya sa pagtuturo ng pagsulat at panunuring pampanitikan.

4. Ang dapat dumalo sa seminar-worksyap na ito ay lahat ng panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, mga punong Kagawaran ng Filipino (SSHT), sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya at mga piling guro na nakatalaga sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa pahintulot ng direktor ng rehiyon. Maaari ring dumalo ang mga guro sa/ng Filipino, sa

pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras. Kalakip nito ang palatuntunan ng mga gawain.

5. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit ang ibabayad ng bawat kinatawan na isanlibong piso (P1,000.00) para sa rehistrasyon, mga handawts, bag at pagkain (6) miryenda at (3) pananghalian. Manggagaling din sa pondong lokal ang halagang magugugol para sa trasportasyon papunta sa pagdarausan ng seminar-worksyap at pabalik sa sariling rehiyon, dibisyon o paaralan.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RICARDO T. GLORIA
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 247, s. 1996

Pamumudmod: 1-2—(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Course of Study, COLLEGIATE
Course of Study, ELEMENTARY
Course of Study, SECONDARY
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS

Filipino-Seminar-Worksyap
Hulyo 2-4, 1997
PROGRAMA

Unang Araw Hulyo 2, 1997 Miyerkoles

<u>Umaga</u>

| | |
|---|---|
| 7:30 - 9:00 | Pagpapatala ng mga Kalahok |
| 9:00 - 10:00 | Pambungad na Palatuntunan<br>Panalangin<br>Pambansang Awit<br>Pagpapakilala ng mga Kalahok<br>Pagpapakilala ng Tagapagsalita |
| 10:00 - 11:00 | Susing Talumpati<br>"Mga Bisyon at Kalakaran sa Mabisang Paggamit at Pagtuturo ng Filipino Tungo sa Taong 2000" |
| 11:00 - 12:00 | Panel na Talakayan sa mga Kalakaran<br>CHED DECS, [illegible] W.<br><br>Bukas na Palatuntunan |
| 12:00 - 1:00 | Pananghalian |
| 1:00 - 1:15 | Sosyalisasyon |
| 1:15 - 1:45 | Panayam 1<br>Paksa: Napapanahong Istratehiya ng Wika (3 antas) |
| 1:45 - 2:15 | Pakitang-turo |
| 2:15 - 2:45 | Bukas na Pagtatanungan |
| 2:45 - 3:00 | Meryenda |
| 3:00 - 3:45 | Panayam 2<br>Paksa: Mga Makabagong Istratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan<br>Pakitang-turo |
| 3:45 - 4:15 | Bukas na Pagtatanungan |
| 4:15 - 5:00 | Sintesis |

Guro ng Palatuntunan

Ikalawang Araw Hulyo 3, 1996, Huwebes

<u>Umaga</u>

| | |
|---|---|
| 8:00 - 8:15 | Panalangin |
| 8:15 - 8:45 | Panayam 3<br>Paksa: Pagbuo ng Silabus |
| 8:45 - 9:45 | Worksyap |
| 9:45 - 10:00 | Bukas na Pagtatanungan |
| 10:00 - 10:15 | Meryenda |
| 10:15 - 10:45 | Panayam 4<br>Paksa: Paghahanda ng Modyul at iba pang Kagamitang Panturo |
| 10:45 - 11:45 | Worksyap |
| 11:45 - 12:00 | Bukas na Pagtatanungan<br>Sintesis |
| 12:00 - 1:00 | Pananghalian |

<u>Hapon</u>

| | |
|---|---|
| 1:00 - 1:15 | Awiting Panlahat |
| 1:15 - 1:45 | Panayam 5<br>Paksa: Ang Malikhaing Pagsulat |
| 1:45 - 2:45 | Worksyap |
| 2:45 - 3:00 | Bukas na Pagtatanungan |
| 3:00 - 3:15 | Meryenda |
| 3:15 - 3:45 | Panayam 6<br>Paksa: Ang Pagsasaling-Wika |
| 3:45 - 4:15 | Worksyap |
| 4:15 - 4:45 | Bukas na Pagtatanungan |
| 4:45 - 5:00 | Sintesis |

Guro ng Palatuntunan

Ikatlong Araw Hulyo 4, 1997

Umaga

| | |
|---|---|
| 8:00 - 8:15 | Panalangin |
| 8:15 - 8:45 | Panayam 7<br>Paksa: Panunuring Pampanitikan sa Filipino |
| 8:45 - 9:15 | Gawain |
| 9:15 - 9:45 | Bukas na Pagtatanungan |
| 9:45 - 10:00 | Meryenda |
| 10:00 - 10:45 | Panayam 8<br>Paksa: Pagsulat Teknikal sa Filipino |
| 10:45 - 11:45 | Gawain |
| 11:45 - 12:00 | Bukas na Pagtatanungan<br>Sintesis |
| 12:00 - 1:00 | Pananghalian |

Hapon

| | |
|---|---|
| 1:00 - 1:30 | Ebalwasyon |
| 1:30 - 2:00 | Presentasyon ng Gawain |
| 2:00 - 3:30 | Meryenda |
| 3:30 - 5:00 | Paggawad ng Sertipiko |

Guro ng Palatuntunan